# Pagpapasakop at Pagsunod

A Lord's Flock General Assembly Topic

Ni: Fr. Alex Balatbat

Nobyembre 26, 2022

Ang pagpapasakop sa kapangyarihan ng Diyos ay naghahatid ng kalayaan. Nagtatakda ito ng kaayusan at direksyon sa pang araw-araw nating pamumuhay. Gayunpaman, maraming biyayang hindi inaasahan ang dumadaloy sa mga taong sumusunod. Upang ipakita ang ating pagsunod, kailangan nating makinig, magtiwala, magpasakop at sumuko sa Salita ng Diyos.

**Bakit dumadalo sa *Praise and Worship* lingo-linggo ang mga miyembro ng TLF at mga bisita**?

1. Tumutugon tayo sa tawag ng Diyos upang magsama-sama. Sumusunod tayo sa ating Elder-*Founder* at sa ating mga *servant leader* na tumawag sa atin.

2. Nag "oo" tayo sa Diyos. Itinatag Niya ang tipan natin sa ating *Elder*. Dahil sa maganda nating relasyon sa Diyos nagiging madali ang pagsunod at pagpapasakop sa Kanya, gaya ng relasyon ni Yaweh sa mga tao.

3. Sumusunod at nakikinig tayo dahil ang Kanyang mga salita ay nagbibigay inspirasyon . Kaya nga, asamin nating kumilos tulad ng ating lider at ibahagi ang pagmamahal ng isang tunay na Pastol sa maraming tao.

4. Narito tayong lahat upang ipakita ang pagmamahal natin sa Diyos , magbigay papuri at sambahin Siya. Ang pagtawag ay isang patunay ng Diyos na una Niya tayong minahal.

5. Sumusunod tayo sa tinig ng Mabuting Pastol. Nagsakripisyo Siya upang tubusin ang kasalanan ng sangkatauhan. Kaya, naramdaman natin ang pag-ibig Niya sa atin.

6. Nararanasan natin ang pagmamahal sa pamamagitan ng pamamahala ni Sis.Techie. Mahal siya ng Diyos, at nagdesisyon siyang ipamahagi ang pagmamahal na ito sa kapwa. Kaya, mahal niya tayo sa ngalan ng dakilang Pastol.

7. Sumunod tayo bilang pagpapakita ng kababaang loob. Nagpapasakop tayo ng may kagalakan sa Kanyang kapangyarihan; kaya nakararanas tayo ng kalayaan.

**Konklusyon:**
Nagtalaga ang Diyos ng mga taong may kapangyarihan sa simbahan. Dahil dito, parangalan natin ang Diyos. Kailangan nating igalang at magpasakop sa mga nanunungkulang hinirang Niya.

**Pagninilay:**
Paano mo ipinapakita ang iyong pagpasakop at pagsunod sa mga may kapangyarihan sa iyong trabaho, sa iyong komunidad at sa sariling tahanan?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pagsunod